# Ang Kalabaw Ni Otoy


Panulat at guhit nina:
**Joan F. Corpus**
**Charlote Ann R. Guevarra**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Sa bayan ng Botolan ay may mag-aswang Otoy at Tina na masayang naninirahan sa kabukiran kasama ang alagang kalabaw.

Masipag si Otoy sa bukid kaya wala ring tigil sa pagtatarabaho ang kalabaw niya.

Mainit man o maulan, walang tigil si Otoy at ang kalabaw sa pag-aararo at pagbubungkal ng malawak na lupain.

Iniiwan ni Otoy ang kalabaw sa gilid ng bukid samantalang siya ay umuuwi sa kanyang bahay, na pagdating niya ay pinagsisilbihan siya ni Tina, binibigyan ng damit na



pampalit, dudulutan ng mainit na pagkain at patutulugin ng maayos.

Samantalang ang kanyang alagang kalabaw ay isusuga lang sa gilid ng bukid at mag-isang naghahanap ng pagkain sa maliit na espasyong naaabot ng kanyang lubid. Walang sapat na inumin at nakabilad sa initan.

Isang araw, nakita ni Otoy ang kalabaw niya na nanghihina at hindi makatayo.  Inakala niyang patay na ang kanyang kalabaw.

Hindi malaman ni Otoy ang kanyang gagawin. Pinakain niya ito ng damo upang bumalik ang lakas, pinainom at dinala sa isang maayos na pastulan.

Mula noon, naisip ni Otoy na pareho lamang sila ni kalabaw na nahihirapan at napapagod. Kaya naman, binibigyan na niya ng halaga ang kanyang alagang kalabaw.

